GRADES 1 to 12
DAILY LESSON LOG

| | | | |
|---|---|---|---|
| School: | | Grade Level: | II |
| Teacher: | File Created by Ma'am MARIANNE MANALO PUHI | Learning Area: | MTB |
| Teaching Dates and Time: | SEPTEMBER 26 – 30, 2022 (WEEK 6) | Quarter: | 1ST QUARTER |

| | LUNES | MARTES | MIYERKULES | HUWEBES | BIYERNES |
|---|---|---|---|---|---|
| I. LAYUNIN | Natutukoy ang mga panghalip na paari (akin,iyo,kaniya)<br>Nagagamit nang wasto ang mga panghalip na paari (akin, iyo, kaniya) | Nakikinig at nakikilahok sa talakayan ng grupo o ng klase sa tekstong binasa at napakinggan.<br>Naipakikita ang pagsang-ayon at di-pagsang-ayon sa mga pangyayari sa kuwento<br>Naipakikita ang pagkaunawa sa kuwento sa pamamagitan ng pagtalakay at pagsusunod-sunod sa mga pangyayari sa kuwento | Naisasalaysay muli ang kwentong binasa.<br>Nababalikan ang mga mga detalye sa kuwentong napakinggan tulad ng tagpuan, mga tauhan at mahahalagang pangyayari sa kuwento.<br>Naipakikita ang pagsang-ayon at di-pagsang-ayon sa mga pangyayari sa kuwento<br>Naipakikita ang pagkaunawa sa kuwento sa pamamagitan ng pagtalakay at pagsusunod-sunod sa mga pangyayari sa kuwento | Nababasa nang malakas ang mga babasahin o salitang para sa ikalawang baitang na may 95-100% kawastuhan at kahusayan<br>Naisusulat nang wasto ang mga salitang may diptonggo | **Nasasagutan ang inihandang pagsusulit ng may 85% na antas ng pagkatuto** |
| **A.Pamantayang Pangnilalaman (Content Standards)** | demonstrates understanding and knowledge of language grammar and usage when speaking and/or writing. | possesses developing language skills and cultural awareness necessary to participate successfully in oral communication in different contexts.<br>demonstrates understanding of grade level narrative and informational texts. | possesses developing language skills and cultural awareness necessary to participate successfully in oral communication in different contexts.<br>demonstrates understanding of grade level narrative and informational texts. | demonstrates knowledge of and skills in word analysis to read, write in cursive and spell grade level words.<br>demonstrates the ability to formulate ideas into sentences or longer texts using conventional spelling. | |
| **B.Pamantayan sa Pagganap (Performance Standards)** | speaks and writes correctly and effectively for different purposes using the basic grammar of the language | uses developing oral language to name and describe people, places, and concrete objects and communicate personal experiences, ideas, thoughts, actions, and feelings in different contexts<br>uses literary and narrative texts to develop comprehension and appreciation of grade level appropriate reading materials. | uses developing oral language to name and describe people, places, and concrete objects and communicate personal experiences, ideas, thoughts, actions, and feelings in different contexts<br>uses literary and narrative texts to develop comprehension and appreciation of grade level appropriate reading materials. | applies word analysis skills in reading, writing in cursive and spelling words independently.<br>uses developing knowledge and skills to write clear and coherent sentences, simple paragraphs, and friendly letters from a variety of stimulus materials. | |
| **C.Mga Kasanayan sa Pagkatuto. Isulat ang code ng bawat kasanayan** | **Identify the parts of a sentence (subject and predicate). MT2GA-Ie-f-2.5** | **Use expressions appropriate to the grade level to give opinion in a text listened to, heard or read.** | **Use expressions appropriate to the grade level to give opinion in a text listened to, heard or read.** | **Read content area-related words. (Math and Science terms)** | |

| (Learning Competencies / Objectives) | | MT2OL-Ie-f-3.2 Identify the difference between a story and a poem. MT2RC-If-4.4 | MT2OL-Ie-f-3.2 Identify the difference between a story and a poem. MT2RC-If-4.4 | MT2PWR-Ie-i-7.6 Express ideas through poster making (e.g. ads, character profiles, news report, lost and found) using stories as springboard.(These writing activities are scaffold by the teacher.) MT2C-Ia-i-1.4 | |
|---|---|---|---|---|---|
| II. NILALAMAN | **Modyul 6**<br>**IKAANIM NA LINGGO**<br>**Ang Hilig Kong Gawin** | **Modyul 6**<br>**IKAANIM NA LINGGO**<br>**Ang Hilig Kong Gawin** | **Modyul 6**<br>**IKAANIM NA LINGGO**<br>**Ang Hilig Kong Gawin** | **Modyul 6**<br>**IKAANIM NA LINGGO**<br>**Ang Hilig Kong Gawin** | **Lingguhang Pagsusulit** |
| III. KAGAMITANG PANTURO | Mga larawan, "Sequence chart", Venn Diagram" | Mga larawan, "Sequence chart", Venn Diagram" | Mga larawan, "Sequence chart", Venn Diagram" | Mga larawan, "Sequence chart", Venn Diagram" | |
| A.Sanggunian | **Curriculum Guide2016 sa Mother Tongue pahina 83,91** | **Curriculum Guide 2016 sa Mother Tongue pahina 83,91** | **Curriculum Guide 2016 sa Mother Tongue pahina 83,91** | **Curriculum Guide 2016 sa Mother Tongue pahina 83,91** | |
| 1.Mga pahina sa Gabay ng Guro | 48-50 | 50-53 | 50-53 | 53-54 | 54-55 |
| 2.Mga pahina sa Kagamitang Pang Mag-aaral | 38-44 | 38-44 | 38-44 | 38-44 | 38-44 |
| 3.Mga pahina sa Teksbuk | | | | | |
| 4.Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng Learning Resource | | | | | |
| B.Iba pang Kagamitang Panturo | Kuwento: " Si Unggoy at si Pagong" Halaw sa kuwento ni Dr. Jose Rizal | Kuwento: " Si Unggoy at si Pagong" Halaw sa kuwento ni Dr. Jose Rizal | Kuwento: " Si Unggoy at si Pagong" Halaw sa kuwento ni Dr. Jose Rizal | Kuwento: " Si Unggoy at si Pagong" Halaw sa kuwento ni Dr. Jose Rizal | Original File Submitted and Formatted by DepEd Club Member - visit depedclub.com for more |
| IV:PAMAMARAAN | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **A.Balik-aral sa nakaraangaralin at / o pagsisimula ng bagong aralin** | 1. Panimulang Gawain<br>Ipahula sa mga bata kung ano ang salitang mabubuo.<br>1. Ang tinutukoy ay ang kausap mo. Kapag ang yo ay dinagdagan ng isa unahan ano ang salita namabubuo?<br>2.Sinasabi mo sa kausap mo na iyo ang isang bagay. Kapag tinanggal ang o sa salitang ako at pinalitan ng in ano ang salitang mabubuo?<br>3. Ano ang mabubuo kapag ang salitang niya ay dinagdagan ng ka sa unahan? | 1.Paghahawan ng Balakid<br>(sa pamamagitan ng pahiwatig ng pangungusap)<br>1.1. namamanglaw-<br>Si Lisa ay namamanglaw sa kanilang bahay. Nalulungkot siya dahil siya"y nag-iisa at walang kasama.<br>1.2 kasunduan<br>Nagkaroon ng kasunduan ang magkaibigan. Kukunin lamang ni Unggoy ang puno kung bibigyan siya ni Pagong ng kalahati ng puno.<br>(sa pamamagitan ng larawan)<br>1.3. nalanta<br><br>(sa pamamagitan ng kilos)<br>1.4. lumitaw<br>1.5. nalumbay<br>1.6. dighay<br>1.7. paglagpak | Balik-aral<br>Tungkol saan ang kwentong inyong napakinggan kahapon?<br>Ano ang pamagat nito? | Balik-aral | I. Punan ang patlang ng tamang panghalip na paari.(iyo,akin o kanya)<br>1. Maganda ang regalong bigay sa _______ ng lola ko.<br>2. Maaari bang makahiram sa ______ ng pambura mo?<br>3. Ito ay lapis ko, kaya sa akin ito. Hawak niya ang sa _________ .<br>II. Pagbigayin ang mga bata ng mga pangungusap na gumagamit ng iyo,akin at kaniya.<br>III. Lagyan ng bilang 1-6 ang tamang pagkakasunod-sunod ng kuwento____ Nagkaroon ng kasunduan sina Pagong at Unggoy na paghatiaan puno ng saging at itanim ito. |
| **B.Paghahabi sa layunin ng aralin** | Pagganyak<br>1. Ipabigkas at ipasulat ang tamang baybay ng mga salita sa pisara.<br>Ipagamit ito sa pangungusap.<br>2. Ipahawak sa mga mag-aaral ang mga bagay tulad ng walis, basahan, bunot, mop,(Gamitin ng guro ang salitang iyo, akin at kaniya sa pamamahagi ng mga bagay na panlinis.) Paano kayo nakatutulong sa paglilinis ng inyong tahanan ?Ano ang nagagawa mo? | 2. Pagganyak<br>Magtanong kung ano ang mga hayop na nakita na at ipalarawan ito.<br>Itanong kung nakakita na at ano ang masasabi nila sa unggoy at pagong .<br>3. Pangganyak na Tanong<br>Magkaibigan ba o magkaaway sina pagong o unggoy? | 2. Pagganyak<br>Magkaibigan ba o magkaaway sina pagong o unggoy? | 2. Pagganyak<br>Basahin ang tugma.<br>Ang batang magiliw<br>Marami ang naaaliw<br>Sa puso"y di kailanman ibibitiw<br>Nang mga taong gumigiliw | _____ Hindi makaakyat si Pagong sa puno kaya humingi uli siya ng tulong kay Unggoy.<br>_____ Nakakita si Pagong ng puno ng saging<br>_____ Makalipas ang ilang buwan, bumunga na ang puno ni Pagong at nalanta ang kay Unggoy.<br>_____ Kinain lahat ni Unggoy ang saging kaya nagalit at gumanti si Pagong. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | _____ Naisahan ni Pagong si Unggoy sapagkat marunong siyang l lumangoy sa tubig. |
| **C.Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin** | Paglalahad/Pagmomodelo<br>Ipabasa nang pabigkas ang diyalogo sa LM sa pahina 39<br>Sabado ng umaga, may pinuntahan ang<br>kanilang ina na si Aling Lorna. Inihabilin niya sa<br>kaniyang mga anak na sina Iya, Karina at Ivo ang<br>mga dapat gawin habang siya"y wala. Narito ang<br>pag-uusap ng magkakapatid:<br>Karina: Inihabilin sa atin ni nanay ang paglilinis ng<br>bahay. Magtulungan tayo upang matapos natin ang ating gawain.<br>Iya: Opo ate, sa akin po ang walis at basahan.<br>Ako ang bahalang magwalis at maglampaso ng ating sahig.<br>Karina: Sige. Ivo, sa iyo naman ang timba. Ikaw<br>ang bahalang maghakot ng tubig na<br>panglampaso<br>Ivo: Walang problema ate, kayang-kaya ko yan.<br>Karina: Sa akin naman ang mga hugasang pinggan.<br>Nagtulong-tulong ang magkakapatid at<br>madaling natapos ang kanilang gawain. | Ipabasa ang kuwento sa LM pahina 41<br>**Si Unggoy at Pagong**<br>**Halaw sa kuwento ni Dr. Jose Rizal**<br><br>Isang araw, dahil namamanglaw sa kanyang<br>bahay, naisipan ni Pagong na magliwaliw. Habang<br>siya"y naglalakad, nakakita siya ng puno ng<br>saging.Naisipan niya itong itanim subalit hindi niya<br>ito mabuhat kaya tinawag niya si Unggoy upang<br>magpatulong dito. Pumayag si Unggoy pero<br>humingi ito ng isang kasunduan.<br>"Kung papayag ka na paghatian natin ang<br>puno, kukunin ko ito. Sa akin mo ibibigay ang<br>bahaging itaas ng puno na may dahon at sa<br>iyo naman ang ibabang bahaging may ugat."<br>Nalumbay si pagong pero pumayag na rin siya sa<br>gusto ni Unggoy. | Paglalahad<br>Ipabasa ang kuwento sa LM pahina 41<br>Si Unggoy at Pagong<br>Halaw sa kuwento ni Dr. Jose Rizal | Paglalahad<br>Ipabasa ang mga salitang may diptonggo mula sa kuwentong "Si Unggoy at si Pagong"sa LM sa pahina<br>Bigkasin ang mga salita mula sa kuwento.<br>ilagay<br>lumangoy<br>umusbong<br>magliwaliw<br>bahay<br>apoy<br>araw<br>bigay<br>unggoy<br>dighay<br>nalumbay namamanglaw | IV. Isulat ang tamang baybay ng salitang diptonggo na ididikta ng guro. (4 na puntos) |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | <br>Pareho nilang itinanim ang kanilang bahagi.<br>Inalagaan ni Pagong ang kaniyang tanim.<br>Pagkalipas ng ilang araw, tuwang-tuwa<br>si Pagong dahil nakita niya na may umusbong<br>nang dahon sa kaniyang itinanim. Samantala,<br>nalungkot naman si Unggoy dahil nalanta at<br>namatay ang itinanim niyang bahagi.<br>Makalipas ang ilang buwan, namunga na<br>ang puno ni Pagong. Subalit, hindi niya makuha<br>ang mga bunga dahil hindi siya makaakyat.<br>Naisipan niya na muling hingan ng tulong si<br>Unggoy. Umakyat si Unggoy sa puno, ngunit sa halip na ibigay kay Pagong ang bunga, kinain<br>lahat ni Unggoy ang mga saging at itinapon<br>ang balat kay Pagong. Dighay sa kabusugan si<br>Unggoy. Nagalit si Pagong.Upang makaganti,<br>nilagyan niya ng tinik ang puno. Sa pagbaba ni<br>Unggoy sa puno, natinik siya. | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | <br>Nagalit si Pagong. Upang makaganti,<br>nilagyan niya ng tinik ang puno. Sa pagbaba<br>ni Unggoy sa puno, natinik siya. Galit na galit<br>na hinanap niya si Pagong at nakita niyang<br>nagtatago ito sa ilalim ng isang bao. “Tatadtarin<br>kita ng pinong-pino”, ang sabi ni Unggoy. “Mabuti<br>at ako ay dadami”, tugon naman ni Pagong.<br>“Mabuti pa‟y ilagay na lang kita sa apoy”, galit<br>na sabi ni Unggoy. “Sige, upang ang balat ko<br>ay pumula at ako ay gumanda”, sabi naman ni<br>Pagong.<br>“Ah, alam ko na. Mabuti pa‟y itapon na lang<br>kita sa ilog at nang ikaw ay malunod”, wika ni<br>Unggoy. “Naku, maawa ka Unggoy, mamamatay<br>ako dahil hindi ako marunong<br>lumangoy”, ang ala-ala‟y takot na<br>sabi ni Pagong. “Hahaha,<br>itatapon na nga lang kita sa ilog”, at itinapon ni<br>Unggoy si Pagong sa ilog<br>Paglagpak sa tubig ay nakangiting sinabi ni<br>Pagong kay Unggoy, “ hindi mo ba alam na ito | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | ang aking tirahan?"<br>Galit na galit na umalis si Unggoy dahil<br>naisahan siya ni Pagong. | | | |
| **D:Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1** | Tungkol saan ang diyalogo?<br>Paano natapos ang gawain?Sa iyong palagay bakit natapos nila ang gawain?Tama ba ang kanilang ginawa?Bakit?<br>Ano ang napansin ninyo sa ilang salita sa diyalogo? (May mga salita pong nakahilig ang pagkakasulat)<br>Ano-anong mga salita ang nakahilig ang pagkakasulat?<br>Paano ito ginamit sa pangungusap?<br>Ano ang tawag sa mga salitang ito? | Pagsagot sa pangganyak na tanong Magkaibigan ba o magkaaway sina Pagong at Unggoy?Bakit? | Pagsagot sa pangganyak na tanong Magkaibigan ba o magkaaway sina Pagong at Unggoy?Bakit? | Sa anong pinagsamang patinig at katinig nagtatapos ang mga salita?<br>(ay, oy, aw, iw)<br>Ano ang tawag sa mga salitang may tunog na nabubuo sa pagsasama ng alin man sa limang patinig na a,e,i,o,at u at ng katinig na w o y(diptonggo)<br>Paano natin binasa/binigkas ang mga salitang may diptonggo?<br>Paano ang tamang pagsulat sa mga salita? | B. Pantulong na Gawain<br>Piliin ang letra ng tamang sagot sa patlang.<br>1.Ang aklat na ito ay akin.Ito ay sa kanya.Alin ang sa ______?<br>a. iyo b. kami c. amin<br>2. Alin sa sumusunod ang tama ang baybay?<br>a. boghaw b. dilaw c.kolay<br>3. Si Lea ay masipag na bata .<br>Sa kanyang edad ,mahilig na siyang magtanim.<br>Nais niyang magtanin ng mga halamang namumulaklak sa kanilang hardin.<br>Maraming makukulay na bulaklak sa hardin nina Lea.<br>Sino ang tauhan sa kuwento?<br>a. si Adora b. si Cora c. Lea<br>4.Saan nagtatanim ng halaman si Lea?<br>a. sa bukid b. sa hardin c. sa bundok<br>5. Ano ang hilig gawin ni Lea?<br>a. magbasa b. magsulat c. magtanim |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **E.Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2** | Basahin ang sa Gawain 1 na nasa LM sa pahina 40<br>Piliin ang wastong panghalip na paari upang<br>mabuo ang maikling kuwento.<br>**Sa Bahay ng mga Lizano**<br>Isang umaga abala ang mag-anak na Lizano<br>sa paglilinis ng kanilang bahay dahil sa nalalapit na<br>pista.<br>"Nanay, (akin, mo) po ba itong pulang damit?,"<br>tanong ni Annabel. "Oo anak, sa (iyo, akin) nga<br>iyan," sagot ng kanyang nanay. Maraming salamat po. Ito pong kulay asul, kay ate po ba ito? "Oo, sa (kaniya, iyo) nga iyan. Ang gaganda naman ng binili ninyong damit para sa amin nanay. Oo naman, basta"t para sa inyo. Laging pinakamaganda ang pipiliin ko.<br>Nagawa mo ba nang wasto ang gawain?<br>Meron pa akong inihandang gawain para sa iyo. | Ipagawa ang pangkatang gawain.<br>a. Pangkat I: Una Ka, Susunod Ako!<br>Pagsunud-sunurin ang mga pangyayari sa kuwento gamit ang sequence map.<br><br><br>b. Pangkat II : Katangian Ko, Tukuyin Mo!<br>Gamit ang "Venn Diagram", tukuyin ang pagkakapareho at pagkakaiba ng katangian nina Unggoy at Pagong. Isulat ang pagkakapareho nila sa gitnang bilog at ang pagkakaiba nila sa ibang bahagi ng bilog.Gawin ito sa manila paper.<br><br> | c. Pangkat III: Nararamdaman Mo, Iguhit Mo!<br>Iguhit ang masayang mukha kung sumasang-ayon sa sumusunod na pangyayari/ginawa ng tauhan at malungkot na mukha naman kung hindi sumasang-ayon. Ipaliwanag kung bakit sumasang-ayon o di-sumasang-ayon.<br><br>PANGYAYARI \| SALOOBIN<br>1. Itinanim nina Unggoy at Pagong ang napulot na puno.<br>2. Inalagaan nina Pagong at Unggoy ang kanilang itinanim.<br>3. Inubos ni Unggoy ang bunga ng puno ni Pagong<br>4. Nilagyan ni Pagong ng tinik ang puno ng saging habang nasa itaas si Unggoy.<br>5. Naisahan ni pagong si Unggoy.<br>Pangkat IV: Karakter Ko, Isabuhay Mo<br>Isadula ang tagpong ito.<br>Umakyat si Unggoy sa puno, ngunit sa halip na ibigay kay Pagong ang bunga, kinain lahat ni Unggoy ang mga saging at itinapon ang balat kay Pagong. Dighay sa kabusugan si Unggoy. Nagalit si Pagong.Upang makaganti, nilagyan niya ng tinik ang puno.Sa pagbaba ni Unggoy sa puno, natinik siya. Galit na galit na hinanap niya si Pagong at nakita niyang nagtatago ito sa ilalim ng isang bao. "Tatadtarin kita ng pinong-pino", ang sabi ni Unggoy."Mabuti at ako ay dadami", tugon naman ni Pagong."Mabuti pa"y ilagay na lang kita sa apoy", galit na sabi ni Unggoy."Sige, ang balat ko ay pupula at ako ay gaganda", sabi naman ni Pagong."Ah, alam ko na. Mabuti pa"y itapon | . | C. Pagpapayamang Gawain<br>A.Sumulat ng 3 pangungusap gamit ang panghalip paari na iyo, akin, kanya.<br>B. Sumulat ng 5 pangungusap gamit ang salitang Diptonggo.<br>C.Sumulat ng maikling kuwento na binubuo ng mga detalye. |
| **F.Paglinang sa kabihasaan**<br>**( Leads to Formative Assessment )** | Gawain 2<br>Isulat ang wastong panghalip na paari sa<br>bawat patlang. Gawin ito sa sagutang papel. | a. Ano ang pamagat ng kuwento?<br>Sino-sino ang tauhan sa kuwento?<br>Saan naganap ang kuwento? | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 1. “Maganda ba ang damit ko? Bigay ito sa _____ ng aking nanay.”<br>2. “Cj, ____ ang baunan na nasa mesa. Nakasulat doon ang pangalan mo.”<br>3. “Ang galing talagang gumuhit ni Marlon. _____ ang pinakamagandang pinta.”<br>4. “Ibinigay sa _____ ni Lani ang bulaklak dahil alam niyang paborito ko iyon.”<br>5. “Isidra, ____ba ang panyong ito?” | Ano ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento<br>Pakinggan natin ang pag-uulat ng Pangkat I.<br>b. Ano-ano ang katangian ni Unggoy?<br>Ano-ano ang katangian ni Pagong?<br>Ano-ano ang kanilang pagkakatulad?<br>Ano-ano ang kanilang pagkakaiba?<br>Tingnan natin ang pag-uulat ng Pangkat II. | | | |
| **G.Paglalapat ng aralin sa pang araw-araw na buhay** | Ano ang sasabihin mo sa sumusunod na sitwasyon?<br>Gamitin ang iyo, akin,o kanya.<br>1. Nakita mong may bagong biling damit ang iyong ina. Nais mong tanungin kung para sa iyo ang kaniyang binili.<br>2.May napulot kang lapis. Nakita mong nakasulat ang pangalan ng iyong kaklase. Nilapitan mo siya. | c. Ano-ano ang pangyayari sa kuwento na sinasang- ayunan mo?<br>Alin naman sa mga pangyayaring naganap sa kuwento ang di ka sumasang-ayon? | Pakinggan natin ang pag-uulat ng Pangkat III.<br>d. Bakit nagalit si Pagong kay Unggoy?<br>Bakit naman nagalit si Unggoy kay Pagong?<br>Ano ang ginawa ni Unggoy kay Pagong?<br>Ano ang ginawa ni Pagong kay Unggoy?<br>Panoorin natin ang ipapakita ng Pangkat II Tama ba ang ginawa ni Unggoy kay Pagong? Bakit<br>Kung ikaw naman si Pagong, gagawin mo rin ba ang ginawa niya kay Unggoy?<br>Tama ba na gawan natin ng hindi mabuti ang ating kaibigan? Bakit? | Bawat bata ay papagbigayin ng mga salitang diptonggo, ipasulat sa papel at ipabigkas ang wastong baybay nito. | |
| **H.Paglalahat ng Aralin** | Ano ang tawag sa mga salitang iyo, akin, kaniya?<br>Ano ang panghalip na paari?<br>Ipabasa ang Tandaan sa LM pahina 39<br>Ang mga salitang akin, iyo,at kaniya ay tinatawag na panghalip na paari.<br>Ang panghalip na paari ay nagpapahayag ng pag-aari o pag-aangkin. | Ano ang dapat isaalang-alang sa muling pagsasalaysay ng kuwento? | Ano ang dapat isaalang-alang sa muling pagsasalaysay ng kuwento? | Paano ang wastong pagbasa/pagbigkas ng mga salitang may diptonggo?<br>Paano ang wastong pagsulat ng mga salitang may diptonggo?<br>Ipabasa ang Tandaan sa LM sa pahina 44<br>Tandaan!<br>May mga salitang may tunog na nabubuo sa pagsasama ng alin | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | man sa limang patinig na a, e, i, o, u, at ng katinig na w oy.<br>Ang tawag sa mga ito ay mga salitang may<br>Diptonggo .<br>Binibigkas ang mga salita ayon sa papantig na baybay. | |
| **I.Pagtataya ng Aralin** | Bumuo ng limang pangungusap. Gamitin ang panghalip na iyo, akin at kaniya.Gawin ito sa sagutang papel. | | | Basahin ang sumusunod na mga salitang may<br>diptonggo nang wastong bigkas.<br>Sipiin ang mga ito<br>sa kuwaderno nang may tamang espasyo.<br>Bangaw dalaw gaslaw ibabaw<br>Lugaw tahaw alingawngaw bataw<br>gunaw kalabaw nakaw sabaw<br>takaw ampaw batingaw dilaw<br>halimaw kantiyaw palayaw<br>tampisaw<br>anahaw bayaw dungaw hikaw<br>labnaw sawsaw tanaw abay<br>himlay katay liwayway panday<br>sanaysay talakay agapay batay<br>hinay kaway malay panganay<br>tamlay beybi reyna abuloy<br>baboy kasoy lumboy palaboy<br>saluysoy taboy tukoy daloy<br>kuyakoy luoy | |
| **J.Karagdagang Gawain para sa takdang- aralin at remediation** | | | | | |
| **IV. MGA TALA** | | | | | |
| **V. PAGNINILAY** | | | | | |
| **A.Bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya** | | | | | |
| **B:Bilang ng mag-aara na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation** | | | | | |
| **C.Nakatulong ba remedial? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin.** | | | | | |
| **D.Bilang ng mag-aaral na magpapatuloy sa remediation.** | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **E.Alin sa mga istratehiyang pagtuturo ang nakatulong ng lubos ?Paano ito nakatulong?**<br>**F.Anong suliranin ang aking naranasan**<br>**na solusyon sa tulong ng aking punong guro at suberbisor?** | | | | | |
| **G.Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro?** | | | | | |